BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton na isulong ang mahalagang transit ng munisipyo at mga prayoridad sa adbokasiya sa imprastraktura

BRAMPTON, ON (Nobyembre 26, 2021) – Sa linggong ito, si Brampton Mayor Patrick Brown, Mga Rehiyonal na Konsehal na sina Michael Palleschi at Rowena Santos, at ang staff ng Lungsod, ay sinamahan ng Mga Miyembro ng Parliyamento ng Brampton sa Ottawa para itaguyod ang pagpapasulong sa mahalagang transit ng munisipyo at mga prayoridad sa imprastraktura ng Brampton sa pamahalaang pederal.

Ang partnership ng pamahalaang pederal at pamumuhunan sa Lungsod ay nakakatulong para magtayo ng mas nagsasali sa lahat, mas malusog at sustenableng komunidad para sa mga residente. Umaasa ang Lungsod sa pamahalaang pederal na tumulong na pasulungin ang mga prayoridad at mas pagandahin ang kalidad ng buhay ng lahat ng mga residente ng Brampton.

Lumalaki ang Brampton nang tatlong beses sa average ng lalawigan. Sa pagitan ng 2001 at 2019, ang Brampton ang bumubuo sa 70 porsyento ng paglaki ng populasyon sa loob ng Rehiyon ng Peel, na nangangahulugan na ang pamumuhunan sa mga pangangailangan ng transit para makakatugon sa paglaki na iyon ay isang prayoridad.

75 porsyento ng mga residente ng Brampton ay gumagamit ng pampublikong transit o may kilalang isang tao na gumagawa nito, at 87 porsyento ng mga residente ng Brampton ay naniniwala na ang mga pamahalaang pederal at lalawigan ay dapat magpopondo sa LRT sa Brampton.

Sa panahon ng 2021 halalan ng Pederal, binalangkas ng Lungsod ang mahalagang transit at mga prayoridad sa imprastraktura na nangangailangan ng nagtutulungang partnership sa pagpopondo kasama ang pamahalaang pederal. Kabilang sa mga prayoridad na iyon ang:

- Lubos na pinondohang Light Rail Transit (LRT) mula sa Main Street papuntang Brampton GO (Humiling sa Pederal ng $850M)
- Queen Street-Highway 7 Rapid Transit / Züm Express na mga rehiyonal na koneksyon (Humiling sa pederal ng $250M)
- Pag-apruba sa Cybersecure Catalyst grant para sa pinagandang imprastraktura (Humiling sa Pederal ng $80M)
- Pagpapalawak sa ikatlong pasilidad ng transit para sa e-Bus fleet (Humiling sa pederal ng $75M)
- Pagpapalawak sa plano ng Network ng Aktibong Transportasyon – Humiling sa Pederal ng $42.2M)

Mga Link

- Mga Relasyon ng Pamahalaan – Lungsod ng Brampton
- 2021 Mga Prayoridad ng Pederal – Lungsod ng Brampton

- [Ekstensyon ng Brampton LRT]

**Mga Quote**

"Ang Brampton ay isa sa pinakamabibilis na lumalaking Lungsod sa Canada, at ang pangangailangang pahabain ang ating transit system at imprastraktura ng transit sa berde at sustenableng paraan ay isang mahalagang prayoridad. Nakatuon itong Termino ng Konseho sa pagbuo ng kinabukasan at pagtiyak na pinapasulong natin ang mga prayoridad ng mga residente sa ating lungsod. Pinapasalamatan ko ang bukas na pintuan ng ating mga partner sa pederal sa Ottawa, at ang suporta ng ating lokal na mga Miyembro ng Parliyamento sa pagpapasulong ng ating magkaparehong mga prayoridad."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang paraan ng Lungsod ng Brampton sa relasyon sa pamahalaan sa mga huling taon ay nagbunga sa malaking ekspansyon ng pondo na na-secure mula sa panlalawigan at pampederal na mga pamahalaan. Patuloy na magtatrabaho ang staff ng Lungsod nang malapitan sa ating mga partner sa pederal sa mga proyekto na makikinabang ang Brampton kapwa ngayon, at bukas habang patuloy na lumalaki ang ating lungsod."

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca